# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 45 BILANG 8 | BASAHIN AT TALAKAYIN | AGOSTO 2025

EDITORYAL

## Lumaban para kamtin ang nakabubuhay na sahod!

Sa gitna ng laganap na kahirapan at kagutuman sa bansa, kailangang masigasig at militanteng kumilos ang buong bayan upang igiit ang pagtataas ng sahod. Napakalayo ng pambansang abereyds na ₱475 sahod sa ₱1,217 pambansang *family living wage* (FLW) o minimum na sahod na kinakailangan ng isang lima-kataong pamilya para tugunan ang arawang pangangailangan.

Pinatunayan ni Ferdinand Marcos Jr. na wala siyang interes na ipagkaloob ang hinaing ng manggagawa. Pinatay niya ang ₱200 panukalang batas na taas-sahod sa Kamara noong Hunyo. Naharang na ito sa Senado dahil wala ito sa mga prayoridad na batas ni Marcos Jr. Ni hindi niya tinalakay sa kanyang nagdaang State of the Nation Address ang usaping ito. Sa halip, ipinaubaya niya sa mga Regional Wage Board ang pagpapasya sa paggagawad ng taas-sahod ng manggagawa.

Upang pahupain ang galit ng bayan, ipinatupad ang ₱50 taas-sahod sa National Capital Region (NCR). Malinaw na panakip-butas ito sa malaon nang problema ng kahirapan at kumukulong galit ng mamamayan hinggil sa kakapusan ng sahod. Sa kabila ng gamumong ₱50 taas-sahod sa NCR, hindi mapapawi ang katotohanang ₱742 ang wage gap o agwat ng kasalukuyang sahod sa FLW sa buong bansa.

Sa muling paghain ng lubhang kulang na ngang ₱200 taas-sahod sa ika-20 Kongreso, marapat lamang na paigtingin ang kaliwa't kanang pakikibakang bayan upang ipamalas sa inutil na rehimeng Marcos II ang malakas na kahingian dito ng mamamayan. Makatarungang igiit ito sa gitna ng pumapaimbulog na implasyon at tuluy-tuloy na pagbaba ng halaga ng tunay na sahod ng manggagawa sa nagdaang mga taon. Mula 2012-2022, nasa 21% lamang ang itinaas ng sahod ng mga manggagawa habang 35.3% ang itinaas ng presyo ng pangunahing bilihin. Taliwas dito, lalupang tumabo ng kita ang mga kapitalista kung saan tumaas ng 72% ang tubo ng nangungunang 1,000 korporasyon mula 2012-2019.




Isa sa mga baluktot na katwiran ng kapitalista at estado na "malulugi ang mga negosyo" kapag nagtaas-sahod. Isinangkalan pa ang maliliit na negosyo na mauunang malulugi. Subalit ipinakita sa datos noong 2024 na kayang ipatupad ang family living wage. Kung susundin ang FLW, wala pang kalahati ang mababawas sa bilyun-bilyong tubong kinakamkam ng malalaking negosyo mula sa 3.2 milyong manggagawa. Hindi ito kasingkahulugan ng pagkalugi—katumbas lamang ito ng pagtapyas sa tubo ng kumpanya. Kaya palang ibigay ang taas-sahod, pero bakit patuloy itong ipinagkakait sa bayan?

# KALATAS

Agosto 2025
TOMO 45 BILANG 8

NILALAMAN


1 Lumaban para kamtin ang nakabubuhay na sahod!

3 Ang pagbubuo ng JAJA at pagsagpang sa hinog na sitwasyon laban sa diktadurang US-Marcos I

4 Ang katutubong mamamayan at abugado sa TK at kanilang pakikibaka

6 "First-class" Cavite: Pabor sa naghaharing uri, pasakit sa mga Caviteño

7 Tugon ni PdG: Ano ang henosidyo?

9 Pagpapalaya sa babaeng organisador at aktibistang pangkalikasan, iginiit ng Karapatan-Laguna

9 203rd IBde, pasimuno ng pananakot at pekeng balita sa Oriental Mindoro

10 2 pulis, patay sa ambus ng BHB-Mindoro sa Victoria

10 'Wawa Dam ang salarin sa pinsala Isa Maynila at Rizal'

10 Dagdag sahod at benepisyo, naipanalo ng unyon sa Fuji Electric Philippines

11 SONA ni Marcos Jr., sinalubong ng karaban at protesta ng Imamamayan ng TK

11 Sigaw ng mamamayan: Hatulan si Sara!

12 Ang Hukbo sa mata ng isang guro



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa: 7php*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal


Ang patakarang pambabarat ng sahod ay marahas na ipinapataw ng sistemang kapitalista sa layuning pigain ang pinakamalaking tubong kakayanin, kahit sa kapinsalaan ng mga mismong produktibong pwersa na siyang lumilikha ng yamang ito. Kinuwenta ng mga mapagsamantala ang sahod na sapat lang upang makapasok sa pagawaan at magtrabaho ang mga manggagawa. Ngunit sa ibayong paglala ng krisis ng monopolyo kapitalismo, kahit nga ang halagang kailangan "para makabalik sa trabaho" ay ipinagkakait na ng mga kapitalista. Sa halip, kung anu-anong panlilinlang at panghahati ang pinapakana mapatanggap lamang sa masang manggagawa ang kanilang napakalupit na patakaran.

Kasabwat ng mga kapitalista ang mga lokal na burukrata kagaya nina Marcos Jr. upang tuluy-tuloy na magpasasa sa pagpapahirap sa manggagawa. Pangitang prayoridad ni Marcos Jr. ang interes ng mga kapitalista sa pagpapatupad niya ng patakaran ng murang lakas-paggawa habang binibigyang insentibo sa buwis ang mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan. Higit na binibigyang proteksyon ang mga dayuhang negosyante kaysa karapatan ng mga manggagawa. Ipinagpapatuloy din ang wage rationalization at iba pang iskema para paliitin pa ang sahod at pigain nang husto ang lakas-paggawa ng mga manggagawa tulad ng *2-tiered wage system* kung saan pinatitingkad ang mga performance-based na sistema ng pasahod. Kung mababa na ang sahod ng mga manggagawa sa industriya, lalong barat ang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura.

Sa ilalim ng pleksibleng paggawa, ginawang karaniwan ang *forced leave, floating status, furlough, on-call basis* at iba pang tusong pakana upang mabilis na gawin ang iligal na tanggalan ng mga manggagawa. Nariyan pa ang *union-busting,* kontraktwalisasyon at kaswalisasyon para patayin ang pag-uunyon at iba pang tipo ng pag-oorganisa sa sarili para busalan ang bibig ang mga manggagawa. Niyuyurakan ng estado ang karapatan ng mga manggagawa sa asembliya at pagdedepensa sa kanilang trabaho. Kahit ang paglulunsad ng *strike* o welga ay kinakailangan pang ikuha ng *permit*. Itinatali ang mga manggagawa sa mga ligal na hangganan at teknikalidad upang pigilan ang mga pagkilos. Kaalinsabay, talamak ang *red-tagging* at *terrorist-tagging* sa mga unyon at kanilang lider na tunay na nagtatanggol sa kagalingan ng manggagawa. Halimbawa ang pagpatay ng estado sa mga lider unyonista katulad ng ginawa kina Manny Asuncion at Dandy Miguel noong 2021 sa Timog Katagalugan.

Walang ibang sandata ang manggawa sa loob ng mga pagawaan at engklabo kundi ang welga at pagsalig sa kanilang sariling lakas sa gitna ng konsentradong atake ng kapital at estado. Sa gitna ng tumitinding krisis at pagkaagnas ng ekonomyang Pilipino, lalong dapat singilin ng manggagawa ang nakabubuhay na sahod, ganundin ang lahat ng garantiya sa ligtas na pagtatrabaho. Kasabay nito, dapat nilang ilantad at labanan ang garapalang pakikialam ng mga armadong otoridad ng estado at mga kontra-mamamayang pakana nito tulad ng National Action Plan for Unity, Peace and Development na pagpapabango at pagpapanibagong-bihis lamang ng berdugong EO 70 at NTF-ELCAC ni Duterte. Dapat ding singilin at yanigin ang rehimeng Marcos Jr. sa pag-iitsapwera sa mga manggagawa para sa mga pabor at kulimbat na hatid ng mga lokal at dayuhang kapitalista.

Sa gitna ng samu't saring sarswela at pakulo ng estado para iligaw ang taumbayan sa kahilingan para sa taas-sahod, ilunsad ang marubdob na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos para igiit ang nakabubuhay na sahod ng manggagawa. Dapat matuto ang mga manggagawa sa mayamang kasaysayan ng makauring pakikibaka para sa kanilang karapatan. Balik-aralan ang tagumpay ng pakikibaka ng mga manggagawa sa taas-sahod noong dekada 1980. Ipinutok noon ng mga manggagawa sa pabrika at agrikultura ang malalaking welga sa National Capital Region, Central Luzon, isla ng Negros, Bicol at Timog Katagalugan. Iniresulta ng sunud-sunod na kilusang welga sa iba't ibang bahagi ng bansa ang pagpapasa sa Kongreso ng umentong ₱25-₱20-₱15 sa minimum na sahod. Umani pa ito ng paglaki ng kilusang paggawa kung saan dumami nang 67% ang lumahok na mga manggagawa sa welga.

Sa Timog Katagalugan, malaking pagsulong ang pumutok na welga ng unyon ng manggagawa sa Nexperia Philippines Inc at matagumpay na *collective bargaining agreement* (CBA) sa Fuji Electric Philippines Inc at Technol Eight Philippines para kamtin ang taas sahod at iba pang karapatan sa paggawa. Nagtutuluy-tuloy din ang pakikibaka ng mga manggagawa ng Gardenia at Philfoods upang igiit ang naipanalong CBA laban sa kapitalista. Kailangang isustine ang mga pakikibakang ito, kasabay ng pagiging mapagbantay sa ekonomismo, repormismo, NGOismo at ligalismo na umuuk-ok sa makauring pakikibaka ng manggagawa't nagpapahina sa papel ng Partido na abanteng destakamento ng uring manggagawa.

Ang mga tagumpay sa pakikibaka ng mga manggagawa ay ibinunga ng pagtaas ng pampulitikang kamalayan at makauring kamulatan ng mga manggagawa para lumahok at igiit ang kanilang karapatan. Kailangang pasiglahin ang kampanyang edukasyon sa hanay ng mga manggagawa upang maunawaan ang kapitalistang pagsasamantala sa likod ng mababang sahod, di makataong kundisyon sa paggawa na likas na katangian ng sistemang kapitalismo at kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan na hindi mapapawi hangga't hindi ito naibabagsak. Dapat nilang makilala ang pangunahing pahirap sa bayan — ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Iugnay ang kanilang pakikibaka sa pakikibaka ng buong bayan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Higit sa pakikibaka sa loob ng pagawaan, dapat na mabatid ng uring manggagawa ang kanilang makasaysayang tungkulin na pamunuan ang proletaryong rebolusyon laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon sa pamamagitan ng Partido nito, ang PKP (MLM). Lagpas sa pakikibaka para sa nakabubuhay na sahod, dapat silang lumaban para sa pambansang kalayaan at demokrasya hanggang makamit ang sosyalismo't mapawi ang mapang-aliping sistemang sahuran.

*SERYE*

MAKIBAKA
HUWAG
MATAKOT

## Ang pagbubuo ng JAJA at pagsagpang sa hinog na sitwasyon laban sa diktadurang US-Marcos I

Nang isagawa ng diktadurang Marcos ang asasinasyon kay Ninoy Aquino noong Agosto 21, 1983, lalong nahinog ang pampulitikang pagkahiwalay ng diktador sa bayan. Kasabay ng matinding krisis sa ekonomya, lalong naging mabangis ang kampanyang kontra-insurhensya ng rehimen na nagpalakas sa anti-pasistang pakikibaka ng bayan.

Sa pagkakabuo ng Justice for Aquino, Justice for All (JAJA) na nagbigkis sa anti-pasistang paglaban ng bayan, naitayo ang mga lokal na alyansa sa Timog Katagalugan. May mga ispontanyong samahan ding nabuo sa inspirasyon ng JAJA. Partikular sa isla ng Mindoro, nagkaroon ng signipikanteng papel ang JAJA para mabuo ang mga samahan ng kabataang estudyante, mga guro at panggitnang pwersa at buklurin sila sa nagpapatuloy na laban sa diktadurang US-Marcos at pakikibaka para sa katarungan at mga demokratikong karapatan. Nabuo rin ang mga samahan ng mga magsasaka para sa irigasyon at kooperatiba, samahan ng mga maralita, unyon sa pier at ng manggagawang bukid at iba pang anyo ng organisasyon. Ito ang naging binhi ng rebolusyonaryong kilusang masa sa puting purok sa isla.

Sa buong rehiyon naman, tuluy-tuloy na inilunsad ang mga porum at dayalogo para sa karapatang pantao. Lumundo ang mga hayag na aktibidad ng anti-pasistang alyansa sa pagpapakilos ng 1,000 mamamayan sa ikaapat na taong komemorasyon ng asasinasyon ni Aquino (Agosto 21, 1986) sa apat na probinsya.

*Sanggunian: Rektipikasyon "Panahon ng pagsulong sa gitna ng malawakan at matinding Oplan Cadena Amor ng rehimeng US-Marcos (1982 hanggang 1983)*

# Ang mga katutubong mamamayan sa TK at kanilang pakikibaka

Taun-taong ipinagdiriwang ang Agosto 9 bilang Pandaigdigang Araw ng Katutubong Mamamayan ng Daigdig. Sinimulan ito sa pulong ng UN General Assembly noong Disyembre 1994, kasabay ng unang pagpupulong ng binuong UN Working Group on Indigenous Populations sa ilalim ng Sub-commission on the Promotion and Protection of Human Rights. Tinatayang binubuo ng katutubong mamamayan ang humigit-kumulang 475 milyong populasyon o halos katumbas ng 6% ng pandaigdigang populasyon. Sa Pilipinas na pinaghaharian ng estadong neokolonyal, ang Agosto 9 para sa mga pambansang minorya ay araw ng pagtatanggol at paglaban para sa kanilang buhay, karapatan at kabuhayan.

Ang mga katutubo ay natatanging sektor ng mamamayan na nagmula sa lipi ng mga taong kauna-unahang nanirahan sa daigdig, nagsimulang magpaunlad ng malalawak na lupain at nakapagpanatili ng kanilang sistema ng pamumuhay at kakanyahan sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay-panlipunan. Nakapagpreserba sila ng sariling lenggwahe, mga ritwal at kaugalian hinggil sa iba't ibang aspeto ng buhay sa komunidad kabilang na ang pag-aasawa, pagkamatay at paggagawad ng hustisya. Naiiba ito sa karamihan o mayorya ng mamamayang Pilipino na tinanggap at nagpailalim sa sistemang panlipunang itinayo at ininstitusyunalisa ng mga dayuhang bansang sumaklot sa Pilipinas.

**Ugat ng pang-aapi sa mga katutubo**

Walang malinaw na datos ang reaksyunaryong gubyerno hinggil sa populasyon ng mga katutubong mamamayan sa CALABARZON. Sa MIMAROPA, iniuulat ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) na nasa 864,067 (Mayo 2020) ang bilang ng katutubong mamamayan. Katumbas ito ng 26.8% o lampas 1/4 ng populasyon ng MIMAROPA.

Pinakamalaki sa mga katutubong mamamayan ang mga Palaw'an sa Palawan at Mangyan sa Mindoro. Angkanan ang sistema ng kanilang pamumuhay. Hindi nila inabot ang antas ng organisasyon at pulitika na inabot ng mga katutubong Moro sa Mindanao at Igorot sa Cordillera kaya't mas mababa ang antas ng kanilang moda at kultura sa produksyon. Mayorya sa kanila ay matatagpuan sa mga kabundukan matapos paulit-ulit na itinaboy ng mga dayong umokupa sa kanilang sinaunang mga komunidad sa tabing dagat at ilog. Sa kasalukuyan, mayorya ng mga pamayanang Mangyan at Palaw'an ay kalakhang nakaayon na sa kaayusang itinakda ng reaksyunaryong gubyerno sa pamamagitan ng NCIP.[1]

Kabilang sila sa pinakamatinding sumapo sa negatibong epekto ng mga neoliberal na patakaran na ipinataw ng imperyalismo. Biktima sila ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala ng uring PML at mga MBK. Malawakang kinakamkam at winawasak ang kanilang lupaing ninuno ng imperyalismo at lokal na malalaking PML, MBK at burukratang kapitalista. Niliiligalig ng dambuhalang operasyon ng mapaminsalang mina ang kanilang mga komunidad at lupaing ninuno. Sa Palawan, naitala mula 2002-2022 ang pagkakalbo ng 202,000 ektaryang lupain kung saan ang 44,100 ektarya ay kagubatan.

Pinalulubog ng mga itinatayong dambuhalang dam ang kanilang komunidad. Palulubugin ng Kaliwa-Kanan-Laiban Dam sa Sierra Madre ang hangganan ng Tanay, Rizal at Gen. Nakar at Infanta, Quezon na karamiha'y komunidad ng mga Dumagat at Remontado. Palalayasin nito ang 10,000 pamilya ng mga katutubo kung saan 1,500 pamilya ang kagyat na apektado. Itatayo naman ang Lipitan Small Reservoir Irrigation Project sa ilog ng Kayakyan at Busuanga na pipinsala sa buhay at kabuhayan ng mga katutubo at mamamayan ng San Jose at Rizal, Occidental Mindoro. Limang pamayanan na may 1,400 populasyon ng Mangyan-Buhid ang palalayasin habang lima pang pamayanang may populasyong 2,200 ang mabubura dahil sa lapit sa ilog.

Tali ang karamihan sa mga katutubo sa maliitang produksyong agrikultural. Kabilang sila sa maralitang saray ng magsasaka sa kanayunan na nagsasagawa ng maliitan, hiwa-hiwalay at atrasadong

---

## MGA TAMPOK NA PAGLABAG SA KARAPATANG TAO SA HANAY NG PAMBANSANG MINORYA

**2025 - dalawang sibilyang katutubong pinaslang sa Mindoro ngayong taon—ang Mangyan-Hanunuo na si Hulyo Aytag ng Brgy. Panaytayan, Mansalay at si Juan Sumilhig na isang katutubong Maranao na matagal nang nanirahan sa isla matapos tumakas sa Sablayan Penal Colony sa kasong hindi naman niya ginawa.**

**2024 - pinaslang din ng berdugong militar ang kabataang si Jay-El Maligday sa Bulalacao, Oriental Mindoro noong Abril.**

**2021 - Sa Rizal, biktima ng malagim na Coplan Asval ng PNP-Calabarzon na kilala bilang Bloody Sunday massacre ang magpinsang sina Puroy at Randy dela Cruz na mga residenteng lumalaban sa Kaliwa Dam.**

pagsasaka. Sa mga nananatili sa bundok, tinatawag itong pagkakaingin. Bagama't malaking bahagi ng kanilang populasyon ay asimilado na sa kultura ng di-katutubong magsasaka sa kanayunan, may ilan pang mga bahagi ng kanilang hanay ang nananatiling atrasado at may ilan pang nomadiko ang pamumuhay. Pinakaatrasado ang mga Dumagat, Tao-Buhid ng Mangyan at Tao't Bato na sub-grupo ng Palaw'an.

Ang maliit na naipupundar ng mga katutubo ay nanganganib pang mawala sa kanila dahil sa kainutilan at katusuhan ng mga burukrata-kapitalista. Sistematikong kinakamkam ang mga lupaing ninuno sa pamamagitan ng mga batas tulad ng Indigenous People's Rights Act, National Integrated Protected Areas System Act, Integrated Social Forestry Program, Mining Act at National Greening Program. Sa pamamagitan ng NCIP, kinakasangkapan ng estado ang mga lokal na lider-katutubo para sa kanilang mga anti-mamamayang pakana ng pagdambong at pagwasak sa kalikasan at kanilang lupaing ninuno. Naging tampok na taktika ito sa panghahati sa mga katutubo upang apurahin ang pahintulot para sa mga proyektong tulad ng Mindoro National Heritage Park at Pacific Coast City Project sa Hilagang Quezon.

Ang mga pambansang minorya ay biktima rin ng diskriminasyon at sobinismo ng mga Kristiyano at di katutubong lahi, isang mapagsamantalang kulturang ipinalalaganap ng imperyalismo. Karaniwa'y mas mababa ng aabot sa ₱100 ang pasahod na natatanggap nila bilang mga manggagawang-bukid kumpara sa sahod ng mga di-katutubo. Sa Mindoro, kung saan sumasahod ng ₱350 ang di-katutubong manggagawang bukid, ₱250-300 lamang ang upa sa Mangyan. Sa halip na tulungan, sinasamantala ng mga lokal na naghaharing uri ang kakapusan sa kaalaman at kababaang-loob ng mga katutubo. Dinadaya sila sa partihan sa ani, ibinabagsak ang kanilang sahod at presyo ng kanilang mga produkto.

## MGA PAMBANSANG MINORYA SA TK

| | |
|---|---|
| **Dumagat at Remontado** | **Quezon at Rizal** |
| **Manide** | **Hangganang Quezon-Bicol** |
| **Palaw'an, Batak, Molbog, Tagbanua Tao't Bato, Agutaynen at Cuyonon** | **Palawan** |
| **Mangyan: Iraya, Alangan, Tao-Buhid, Buhid, Tadyawan at Hanunuo** | **Mindoro** |

Pinipigilan ng estado ang bawat pagsisikap ng organisadong pagkilos ng mga katutubo na mag-aral at mag-alam sa kalagayan ng kanilang etnolingwistikong grupo at lipunan. Hindi prayoridad ng estado, kailanman na edukahin at itaas ang antas ng pamumuhay ng mga pambansang minorya na siyang nagpapanatili sa kanilang atrasadong kalagayan.

Target sila ng malupit na atake ng estado sa ilalim ng kontra-rebolusyonaryong gera ng bawat rehimeng nagpalit-palitan. Mula sa rehimeng US-BS Aquino, sinistematisa sa ilalim ng Oplan Bayanihan ang *ethnocentric approach* (paraang nakatuon sa katutubo) sa taktikang "igahin ang tubig para mahuli ang isda". Layunin nitong wasakin ang base ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kabundukan. Resulta nito, naging target sila ng iba't ibang tipo ng mga paglabag ng AFP-PNP-CAFGU sa karapatang pantao. Sapilitan silang pinasusuko at sinisindak kung saan ginagawang kolateral ng kanilang "paglaya" ang pagtuturo ng kapwa katutubo at sibilyang "tagasuporta" ng BHB. Malaking bilang ng hindi paiilalim sa iskemang ito ay pinapaslang, dinudukot, tinotortyur at sapilitang iwinawala.

### Rebolusyonaryong landas

Ang talim ng atake ng kaaway ang nagtuturo sa katutubong mamamayan sa TK at buong bansa na mag-armas at tanganan ang pinakamataas na anyo ng pakikibaka para ibagsak ang mapang-api at mapagsamantalang sistema. Nagbabangon mula sa kanilang hanay ang mga kilusang pinamumunuan ng mga lokal na lider tulad ni Nicanor "Ka Kano" delos Santos ng mga Dumagat at Remontado na nanguna sa paglaban sa Laiban Dam sa Rizal.

Sa huli, nagiging sandigan ng mga katutubo ang rebolusyonaryong kilusan na naghahain na tunay na programang kumikilala sa kanilang karapatan. Pang-siyam na punto sa programa para sa pambansa-demokratikong rebolusyon (PPDR) ang paggalang sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga pambansang minorya. Ipinagkakaloob ng itinatayong demokratikong gubyernong bayan ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng lahat ng pambansang minorya sa Pilipinas, kabilang ang panrehiyong awtonomya at karapatang humiwalay laban sa sobinismo at pambansang pang-aapi.

Dahil mulat sa magandang layunin ng rebolusyon, itinatayo ng mga katutubo ang kanilang sariling lihim na organisasyong masa na sumusuporta sa armadong pakikibaka. Sa Palawan, binuo ang SUPOK, MINDORO sa Mindoro at Kadumagetan sa hanay ng mga Dumagat at Remontado. Sumasampa sa mga yunit ng BHB sa iba't ibang lugar at lokalidad ang namumulat na mga katutubo. Marami na sa kanilang hanay ang mga naging martir at bayani ng rebolusyong Pilipino kabilang sina Rosemarie "Ka Agnes" Gayadan, Susan "Ka Gemma"

Ritual, Divine "Ka Zoe" Sureta, Cherry "Ka Gado/Edson" Velasco, Nonoy "Ka Simo/Noni" Ambad, Irene "Ka Analyn" Yam-ay, Romar "Ka Pado" Orosa, Mervin "Ka Wally" Malucon, Reagan "Ka Morgan" dela Calzada, Lito "Ka Gabby" Buyayao Mogmog atbp.

Ang pakikibaka ng mga pambansang minorya ay pakikibaka para sa sariling pagpapasya na posible lamang sa pagkakaisa ng sambayanang Pilipino batay sa pagkakapantay-pantay at respeto sa kanilang kultura o lahi. Dapat palitawin ng Partido ang isang bagong tipo ng rebolusyonaryong pamumuno mula sa katutubong mamamayan para itransporma at/o palitan ang tradisyunal na pamumunong bigong ipagtanggol sila. Dapat patuloy na magpaunlad ng mga kasapi at kadre ng Partido, Hukbo at lider ng kilusang masa mula sa kanilang hanay. K

*1 nagtatakda ng purok/sityo lider sa mga komunidad at sa antas-bayan ay nagtatalaga ng IPMR (Indigenous Peoples Mandatory Representative) na inihahalal sa pamamagitan ng reaksyunaryong eleksyon*

*LATHALAIN*

# *"First-class"* Cavite:
## Pabor sa naghaharing uri, pasakit sa mga Caviteño

Ang Cavite ang isa sa mga probinsya sa rehiyong Timog Katagalugan na may pinakamalaking populasyon—4,573,884 noong 2024. Isa rin ito sa pinakamayamang probinsya sa bansa. Ayon sa reaksyunaryong gubyerno, mayroon itong tayang kabuuang kita na higit ₱781 bilyon. Ipinangangalandakan naman ng lokal na gubyerno na isa itong *'first-class province'* dahil sa diumano'y bilis ng paglago ng ekonomya nito na umaabot ng 6.7%. Mas mataas ito sa 5.2% na tantos ng paglago sa CALABARZON.

Kamangha-mangha ang mga numero subalit wala silang kabuluhan para sa mayorya ng mga Caviteño. Matinding kahirapan at pang-aapi ang kanilang dinaranas sa ilalim ng paghahari ng mga pampulitikang dinastiya at ng rehimeng US-Marcos. Buu-buong komunidad ang pinalalayas mula sa kanilang panirikan at sakahan. Barat ang sahod ng mga manggagawa kung saan umaabot lamang ng ₱425-540 ang minimum na sahod sa probinsya habang pataas nang pataas ang singil sa mga batayang utilidad at serbisyo. Malala ang kawalang kasiguruhan sa trabaho ng manggagawa bunga ng malalang pag-iral ng kontraktwalisasyon kung saan lampas sa 50% hanggang 90% ng mga manggagawa ay kontraktwal.

Ang pagdurusang ito ay dulot ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Namamayagpag sa probinsya ang malalaking burgesya kumprador kagaya nina Manny Villar, pamilya Ayala at iba pa. Kakutsaba nila ang mga lokal na pampulitikang dinastiyang pinangungunahan ng mga Remulla, Revilla-Bautista, Advincula, Barzaga, Loyola at Tolentino.

**Demolisyon para sa riles at subdibisyon**

Sangkot ang mga MBK at mga bantog na angkan sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural o Land Use Conversion (LUC), demolisyon ng mga komunidad at proyektong reklamasyon sa mga baybay-dagat upang bigyang-daan ang mga dambuhalang proyektong imprastraktura tulad ng mga tulay, kalsada, *subdivision* at gusali. Kapalit ng mga proyektong ito ang pagkawasak ng hanapbuhay at tirahan ng mga residente.

Sa Bacoor City, nakaambang itayo ang 11.7 km Cavite extension ng LRT Line-1 ng Light Rail Manila Consortium (LRMC) at Department of Transportation (DoTr) na sasaklaw ng apat na barangay. Masasagasaan ng proyekto ang komunidad ng mga mangingisda't maralita sa Brgy. Zapote 3 at Brgy. Talaba 2.

Saklaw ng itinatayong Villar City ang 3,500 ektarya ng 17 bayan at lungsod sa hangganan ng Cavite (10), Laguna (1) at NCR (6). Sa Cavite, apektado ang mga residente ng Bacoor, Carmona, Dasmariñas, Imus, GMA, General Trias, Silang, Tanza, Trece Martires at Tagaytay. Sa Dasmariñas, libu-libong magsasaka at maralita ang palalayasin sa kanilang sariling lupa at panirikan. Pinutulan ng linya ng tubig at kuryente ang mga residente ng Brgy. Paliparan 3 upang sapilitan silang palayasin. Binakuran din ng Jericho Security Agency ang paligid ng komunidad sa kumpas ng pamilya Villar. Sa Brgy. Salawag, daan-daang kabahayan ang giniba upang magbigay daan sa pagtatayo ng University of the Philippines Dasmariñas sa loob ng Villar City. Walang relokasyon ni kumpensasyong natanggap ang mga taga-Barangay Salawag.

**Perwisyong Prime Water**

Mainit ding usapin sa probinsya ang mahigit kalahating dekada nang walang humpay na pamemerwisyo ng palpak na Prime Water na pagmamay-ari ng pamilya Villar. Sinimulan ang proyekto sa iba't ibang bahagi ng bansa noong 2016 sa rehimen ni Duterte kung kailan nagsilbing kalihim ng Department of Public Waterworks and Highways si Mark Villar.

Simula nang pumasok ang mga *water district* sa Joint Venture

Agreement (JVA) sa Prime Water noong 2019, naging malatak, mabaho at halos gabi lang kung magkatulo ng tubig sa mga bayan ng Silang, Trece Martires, Tagaytay at Dasmariñas.

Malaon nang nasipat ang mga anomalya sa Prime Water. Noong 2019 din, pinag-aralan ng Commission on Audit (COA) Region IV-A ang mahigit kalahati ng JVA ng Prime Water sa *local water districts* sa CALABARZON. Ayon sa imbestigasyon, 13 sa 62 *water district* ang may JVA sa mga pribadong kumpanya. Sampu sa 13 ay may kontrata sa Prime Water sa mga bayan ng Dasmariñas, Silang at Trece Martires. Pinuna rin ang pagpapaubaya ng pamamahala sa mga *water district* sa Prime Water sa kabila ng kakulangan ng kumpanya sa sapat na kapital at kahit na mayroon namang sariling gumagana at kumikitang lokal na patubig sa naturang mga bayan. Umuutang pa nga ang Prime Water para ipampuhunan sa mga JVA. Iniratsada ang kasunduan sa Prime Water nang walang konsultasyon sa *local water districts.* Masahol pa, inaprubahan ito sa loob nang hindi lalampas sa dalawang linggo, taliwas sa itinakda ng reaksyunaryong gubyerno na 120 araw.

**“Bagong” Pilipinas, lumang problema**

Ang JVA sa Prime Water at iba pang proyekto sa Cavite ay halimbawa at patunay ng pagpapatuloy ng mga neoliberal na patakaran sa kumpas ng US. Noong 2023, muling pinasikad ni Marcos Jr. ang Public Private Partnership, isang kasunduan ng gubyerno at mga pribadong entidad upang tutukan diumano ang *“development and management”* ng mga serbisyo at industriya.

Lalo nitong ibinaon sa hukay ng kahirapan ang mamamayang Pilipino dahil naging mas mahal ang mga batayang serbisyo’t pangangailangan. Nasa kamay ng mga pribadong korporasyon ang pagtatakda ng halaga para sa kanilang “serbisyo” habang tuluyang tinalikuran ng gubyerno ang responsibilidad na tiyaking dekalidad at sapat ang serbisyong natatanggap ng mamamayan. Lalo itong nagiging posible dahil sa pagpabor ng mga lokal na burukratang nagkakamal ng malalaking kikbak sa korapsyon na nagpapasa ng mga batas, nagpapahintulot at nagpoprotekta sa mga naturang proyekto.

Kailanma’y hindi sagot ang mga huwad na proyektong pangkaunlaran sa daing ng mamamayang Caviteño. Malaon na itong napatunayan sa kasaysayan ng kanilang pakikibaka. Dapat pagkaisahin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa probinsya upang ilantad at tutulan ang mga mapanirang proyekto at ipaglaban ang kanilang karapatan sa panirikan, kabuhayan at serbisyong sosyal. Ang paggalang sa karapatan ng mamamayan at pagtalunton sa landas ng kaunlarang tumutugon sa batayang pangangailangan at pangangalaga sa kalikasan. K

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

## Ano ang henosidyo?

Kabalintunaang maituturing na sa panahong naabot ng sangkatauhan ang diumanong mataas na antas ng sibilisasyon, naganap at patuloy na nagaganap ang malulubhang krimen ng maramihang pagpatay at paglipol sa grupo ng mga tao na sumasalungat sa mga makataong prinsipyo at respeto sa dignidad ng buhay. Kabilang dito ang ipinatutupad ng Zionistang Israel na malupit na patakarang pagpatay sa mamamayang Palestino sa Gaza—umaabot ang bilang ng mga napaslang sa 60,000, labas pa ang mga namamatay dahil sa gutom at hindi maiulat na patay dahil hindi makumpirma ng otoridad. Ang mga kaganapan sa Gaza kasama na ang iba pang masaker sa kasaysayan ng daigdig ay madidilim na yugto at mariing paalala na hindi matatamo ang hinahangad na hustisya at karapatan bilang tao hangga’t nananatili ang mga istruktura ng pagsasamantala at pang-aapi sa lipunan.

Ang akto ng paglipol sa isang partikular na grupo ng tao ay tinatawag na henosidyo at isa itong mabigat na krimen sa ilalim ng internasyunal na batas. Isang abogadong European na kumukundena sa Holocaust ang nag-imbento at unang gumamit ng salitang henosidyo noong 1944. Matapos ang dalawang taon, idineklara ng United Nations (UN) General Assembly na krimen sa ilalim ng internasyunal na batas ang henosidyo noong 1946. Lalong tumibay ang pagkilala ng mga bansa sa henosidyo bilang krimen nang buuin ang Kumbensyon sa Pagsansala at Pagpaparusa sa Krimen ng Henosidyo noong 1948. Nagkabisa ang kumbensyon mula 1951 at may 153 estadong lumagda at nangakong tatalima rito.

Batay sa kumbensyon, nangangahulugan ang henosidyo ng intensyong wasakin nang buo o parsyal ang isang grupo ng mga tao na itinuturing na kolektibo batay alinman sa kanilang bansa, lahi, etnisidad o relihiyon. Ang mga akto ng henosidyo ay ang sumusunod:

a. Pagpatay sa mga miyembro ng isang partikular na grupo;

b. Pagdudulot ng malubhang pinsalang pisikal o mental sa mga miyembro ng grupo;

k. Sadyang pagpapataw ng mga kundisyong tutungo sa pagkawasak ng buong grupo o ng bahagi nito;

d. Pagpapataw ng mga hakbangin upang pigilan ang panganganak ng mga tao sa grupong ito; at

e. Pwersahang paglilipat ng mga bata mula sa grupong ito tungo sa ibang grupo.

Batay rin sa kumbensyon, dapat usigin at parusahan ang sinuman o anumang entidad, pribado mang mamamayan o pampublikong opisyal, na magpapatupad, magtatangka o magiging kasabwat sa pagsasagawa ng henosidyo. Obligado ang mga nakalagdang partido o estado na magpatupad ng mga kinakailangang batas sa kanya-kanyang bansa sang-ayon sa kanilang obligasyon sa kumbensyon lalo na ang pagpapataw ng punitibong aksyon sa mga magsasagawa o makikipagkutsabahan sa pagsasagawa ng henosidyo.

Maganda ang layunin ng kumbensyon na paglalatag ng mga batayan upang tawaging henosidyo ang isang akto o krimen. Dito nagmumula ang pagtatakda ng mga ligal na hakbangin laban dito. Ang mga pangkalahatang probisyon nito hinggil sa mga parusa ay nakaangkla sa pagkilala sa kasarinlan at sariling kapasyahan ng mga estado. Binibigyang otoridad nito ang International Court of Justice (ICJ) na maghusga ng mga kaso at maglabas ng kaukulang interpretasyon sa mga nilalaman ng kumbensyon. Nakasaad din dito na maaaring humingi ng tulong ang alinmang entidad sa mga may kakayahang organo ng UN sa usapin ng pagpigil sa henosidyo o iba pang aktong may tunguhing henosidyo.

Sa kabila ng malinaw na pagkundena ng iba't ibang bansa sa henosidyo, hindi natigatig ang mga sagad-sa-butong buktot na rehimen at mga pasista. Naganap pa rin ang mga karimarimarim na akto ng henosidyo sa kasaysayan. Maraming kaso ng henosidyo sa katapusan at simula ng bagong milenyo na naganap sa mga lugar na may mga pampulitika at armadong sigalot. Kadalasang nagaganap ang mga henosidyo kasabay ng digma tulad ng nangyari sa Darfur, Sudan noong 2003-2008 at kung saan tinatayang umabot sa 500,000 tao mula sa etnikong grupo ng mga Fur, Masalit at Zaghawa ang biktima. Sinamantala ng gubyernong Sudanese ang labanan sa pagitan ng sandatahang pwersa nito at mga armadong sesesyonistang grupo upang ilunsad ang "paglilinis *(cleansing)*" sa mga di-Arabong lahi. Noong 2009 at 2010, hinatulan ng International Criminal Court (ICC) ang noo'y presidente ng Sudan na si Omar al-Bashir at kanyang mga kasapakat na responsable sa henosidyo. Bilang pagtalima sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa mga kalabang grupo, sumang-ayon ang gubyernong Sudanese na sampahan ng kasong krimen sa digma si al-Bashir.

Nagkakailan ang mga kaso ng henosidyo na idinulog sa ICJ at ICC. Katunayan ang iba sa mga nahatulang maysala o kasalukuyang sumasailalim sa pagdinig ay kasama ngayon ni Rodrigo Duterte sa kulungan ng ICC sa The Hague, The Netherlands.

Kung babalikan ang kahulugang itinakda ng kumbensyon at ang mahabang kasaysayan ng pang-aapi at brutalidad ng Israel laban sa mga Palestino, may matibay na batayan upang ituring na henosidyo ang nagaganap ngayon sa Gaza. Sistematiko at walang pakundangan ang Israel sa plano nitong ubusin ang lahi ng mga Palestino at agawin ang kanilang lupa. Wala itong pagtatangi kung bata, matanda, o walang kalaban-laban ang tatamaan ng mga bomba o di kaya'y madadamay sa mararahas na operasyon ng Israeli Defense Forces at mga kasabwat nitong paramilitar at mga upahang maton. Malinaw rin ang pagpapataw ng Israel ng mga kundisyon na may tunguhing paglipol sa mga Palestino—tulad ng pagkakait ng pagkain, gamot at atensyong medikal gayundin ang pagsira sa mahahalagang imprastraktura sa tubig, kuryente at komunikasyon sa Gaza at mga lugar na pinagbakwitan ng mga Palestino. Sa ganito, wasto lamang na suportahan ang kasong isinampa ng South Africa sa ICJ noong Disyembre 2023 upang kundenahin at papanagutin ang Israel sa henosidyo.

Sa pagkahantad ng labis na kaaba-abang sitwasyon ng Gaza, lumalakas ang panawagang itigil ng Israel ang panggegera sa Gaza at sa halip ay magkaroon ng *ceasefire* upang bigyang puwang ang pagpasok ng pagkain, gamot at suporta para sa mamamayang Palestino. Ito ay kinakailangang hakbang upang kagyat na isalba ang buhay ng mga Palestino, ngunit hindi ito garantiya na matitigil na ang henosidyo sa Gaza. Kinakailangan ding labanan ang Zionistang Israel, at ang US bilang kasabwat, usigin ang mga ito at parusahan sa napakalaking krimen nito. Dapat suportahan ang armadong paglaban ng mga Palestino na nakaugat sa kanilang pagtatanggol sa kanilang tahanan, lupa, lahi at kasaysayan.



**MGA BANSANG NAGPETISYON SA INTERNATIONAL COURT OF JUSTICE LABAN SA ISRAEL**

South Africa
Nicaragua
Belgium
Colombia
Turkey
Libya
Egypt
Maldives
Mexico
Ireland
Chile
Palestine
Spain

## Pagpapalaya sa babaeng organisador at aktibistang pangkalikasan, iginiit ng Karapatan-Laguna

Nananawagan ang Karapatan-Laguna na kagyat nang palayain si Pauline Joy "Poleng" Banjawan, 26, isang organisador ng mga maralitang-lungsod at tagapagtanggol ng kalikasan na iligal na nakakulong ngayon sa Batangas Provincial Jail.

Hindi kriminal, bagkus, ay biktima si Poleng ng pandarahas ng estado. Dinukot siya ng mga hindi kilalang elemento ng 59th Infantry Battalion ng AFP sa Sto. Tomas, Batangas habang bumabyahe tungong aktibidad ng Bayan Muna ST sa panahon ng kampanyang elektoral. Dalawang araw siyang itinago ng AFP.

"Ipinailalim siya sa pisikal at mental na tortyur sa hangaring pilitin siyang umamin na siya ay kasapi ng New People's Army. Piniringan siya at ininteroga ng militar at binantaan na ililibing nang buhay. Binantaan din siya ng mga sundalo kaugnay sa kanyang anak na sanggol, ina at mga kapatid. Sinabunutan din siya at hindi pinatulog habang nakapailalim sa interogasyon," ayon sa Karapatan-Laguna.

Bunsod ng pagkilos ng mga kaibigan at kapamilya para hanapin si Poleng, napilitan ang AFP na ilabas si Poleng at ilagay siya sa kustodiya ng PNP Batangas. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives* upang patuloy na maipiit.

Habang nasa kulungan ay patuloy ang panghaharas kay Poleng. "May nagpakilala na 'Troy' na ahente diumano ng NTF-Elcac at nagpapaabot na tutulungan siya sakaling 'makipagtulungan' siya sa kanila. Kasabay din nito ay may banta laban sa anak niya sakaling hindi makipagtulungan," ulat ng Karapatan-Laguna.

Ang nakababatang kapatid ni Poleng na si Fatima ay isa ring detenidong pulitikal habang ang kanilang ama ay biktima naman *extrajudicial killings* kaugnay ng gera kontra droga noong rehimeng Duterte.

"Dapat ding bigyang konsiderasyon ang *humanitarian release* kay Poleng sa kalagayang isa siyang bagong panganak na ina na sapilitang winalay mula sa kanyang anak. Hindi makatao at hindi makatarungan ang patuloy na pagpiit sa kanya habang nangungulila ang kanyang sanggol," giit ng Karapatan-Laguna. K

## 203rd IBde, pasimuno ng pananakot at pekeng balita sa Oriental Mindoro

Sa desperasyong isalba ang pangalan, nagpakalat ng pekeng balita, at nanakot ng mga sibilyan ang 203rd Infantry Brigade (IBde) sa Oriental Mindoro. Reaksyon ito ng pasistang brigada sa matinding pinsalang tinamo sa matagumpay na ambus ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa bayan ng Victoria noong Hulyo 13.

Ayon sa ulat ng Lucio de Guzman Command-BHB-Mindoro, nagpatawag ng pulong ang 203rd IBde sa mga residente ng Brgy. Bagong Silang, Victoria. Sa pagtitipong ito, nagsinungaling ang mga pasista at sinabing "hindi NPA ang nang-ambus kundi sila ang nagpaputok". Tinakot din ng mga militar ang mga mamamayan at namigay ng mga numero sa *cellphone* na maaaring kontakin "kung makakita sila ng NPA." Namigay rin sila ng mga papel na may litrato ng mga diumanong "NPA".

Nagpatuloy ang kampanyang pananakot ng mga sundalo ng 203rd IBde sa mga katabing barangay. Nagpakat din ng mga pwersang militar ng 76th IBPA sa Bagong Silang, Alcate, San Antonino, Loyal at Ordevilla. Hanggang sa kasalukuyan ay naroon pa ang mga tropang ito.

Dahil sa disimpormasyon at pananakot ng 203rd IBde, nangangamba ang mga residente na matyempuhan ng mga sundalo at sumasailalim sa pagtatanong o pamumwersa. Hindi rin sila makapunta at makapagtrabaho sa kanilang prutasan at sakahan. K

# 2 pulis, patay sa ambus ng BHB-Mindoro sa Victoria, Oriental Mindoro

Patay ang dalawang pulis nang tinambangan ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang isang *back-to-back* ng Philippine National Police lulan ang limang *personnel* nito sa Brgy. Bagong Silang, Victoria, Oriental Mindoro noong Hulyo 13 bandang 3:35 ng hapon. Tugon ito ng BHB Mindoro sa kahilingan ng mga Mindoreño na papanagutin ang AFP-PNP sa teroristang kampanya nito sa mga bayan sa Central Oriental Mindoro.

Ipinagbunyi ng mamamayan ng Victoria at lahat ng Mindoreño ang tagumpay na ito. Dinaranas ng mga Mindoreño ang masidhing militarisasyon at di deklaradong batas militar sa buong isla para bigyang puwang ang operasyon ng dambuhalang negosyo. Tinututulan ito ng mamamayan dahil sa winawasak nito ang kalikasan at kabuhayan ng mga Mindoreño. Sa Victoria, mayroong pitong *quarry site* na pinayagan ng lokal na gubyerno. Nakaamba rin ang malaking operasyon ng mina rito sa pamamagitan ng Mineral Production Sharing Agreement ng Mindoro Nickel Project. Pipinsalain ng mga ito ang libu-libong ektaryang lupain ng bayan.

Sampal sa mukha ng mga reaksyunaryong armadong pwersa ang opensiba laluna't sinusundan ng aksyong militar na ito ang aktibong depensa ng isang yunit ng NPA laban sa umaatakeng tropa ng 76th IBPA noong Pebrero sa karatig na bayan ng Pola kung saan tatlo ang patay sa kaaway.

Ayon sa pahayag ni Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC, "Pinasusubalian ng taktikal na opensiba sa Bagong Silang ang kasinungalingan ng 203rd Infantry Brigade, PNP MIMAROPA at ilang mga yunit ng lokal na gubyerno sa Mindoro na malapit nang makamit ng isla ang katayuang *"insurgency free"* dahil halos ubos na ang NPA sa Mindoro at wala nang kakayahang lumaban ang Pulang hukbo." K



# 'Wawa Dam ang salarin sa pinsala sa Maynila at Rizal'

Itinuturing ng NDFP-Rizal ang pagtatayo ng Wawa Dam bilang isa sa mayor na dahilan ng malalang pagbaha at mga sakunang pinagdudusahan ng mga residente ng Rizal at Maynila tuwing may sama ng panahon.

Noong Bagyong Crising at habagat, umapaw ang Wawa Dam at nagdulot ng baha sa Rizal at ilang bahagi ng Maynila. Sa Rizal, kabilang ang San Mateo at Rodriguez ng Rizal sa mga pinakamalubhang tinamaan habang ang mga lugar na hindi dati binabaha gaya ng Morong at Cainta ay inabot din ng tubig. Umabot rin ang baha sa Pasig at Marikina.

Dahil sa sakuna, inabot ng apat na araw sa *evacuation center* ang kalakhan ng mga residente ng Brgy. Wawa. Mahigit 2,000 pamilya ang nangailangan ng tulong at labis na apektado ng pagbaha.

"Hindi lamang pinsala mula sa Bagyong Crising ngayon at ng Bagyong Carina noong 2024 ang pinalala ng dam. Ilang taong pinsala sa buhay, hanapbuhay at paninirahan ang dinulot sa pagsisimula pa lamang ng proyekto dahil sa pagpapalayas ng WawaJVCo sa mga residente at magsasaka sa lugar. Malala pa sa delubyo ang sinapit ng libu-libong mamamayan mula sa mga barangay sa San Mateo, Rodriguez at Antipolo sa pangmatagalang pagkawala ng kanilang mga kabuhayan dito," pahayag ni Ka Arman Guerrero, tagapagsalita ng NDFP-Rizal.

Matagal na ring pinalalala ang baha ng mga quarrying sa Rizal na pinahihintulutan ng lokal na pamahalaan, dagdag ng NDFP-Rizal. K

# Dagdag sahod at benepisyo, naipanalo ng unyon sa Fuji Electric Philippines

Nagbunga ang puspusang pakikibaka ng Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa sa Fuji Electric Philippines Inc (LNMFEPI), miyembro ng pederasyong OLALIA-KMU, ng tagumpay na dagdag sahod at iba pang mga benepisyo para sa bagong *collective bargaining agreement* (CBA) nito sa kapitalista. Ito ang ikalimang serye ng CBA ng unyon mula 2014.

Nakamit ng unyon sa CBA ang taun-taong dagdag na P50 sa sahod mula 2025 hanggang 2027, *seniority pay* at alawans para sa bigas, pagkain, *leave* at iba pang benepisyo. Nagwakas ang negosasyon noong Hulyo 17. Bago ito, naglunsad ang mga manggagawa sa loob ng pagawaan ng kalampagan at porum kung saan inilantad nila ang pag-aantala at pambabarat ng management.

Para sa mga manggagawa ng Fuji Electric Philippines, ang kanilang tagumpay ay para rin sa mga manggagawa ng buong engklabo ng Carmelray Industrial Park I sa Barangay Canlubang, Calamba City. Sa Carmelray matatagpuan ang mga empresa ng pagkain, elektroniks, kagamitang pangsasakyan at iba pang industriyal na pagawaan.

Ayon sa unyon, ang sama-samang pagkilos lamang ang sandata upang pwersahin ang kapitalista na ibigay ang nararapat para sa mga manggagawa. K

# SONA ni Marcos Jr., sinalubong ng karaban at protesta ng mamamayan ng TK

Ipinahayag ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang kanilang disgusto at mga hinaing sa rehimeng US-Marcos II sa serye ng mga protesta bago at sa mismong araw ng State of the Nation Address ni Ferdinand Marcos Jr.

Noong Hulyo 18, nagprotesta ang mga Rizaleño sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Rizal sa San Mateo. Isiniwalat ng Katipunan ng Samahang Magbubukid-Rizal ang tumitinding pangangamkam ng lupa sa balangkas ng pagpapalit-gamit ng lupa. Kinundena rin nila ang malalaki at mapangwasak na proyektong imprastruktura sa probinsya, partikular ang Kaliwa-Kanan-Laiban Dam na nagdidisloka sa mga magsasaka at katutubong Dumagat.

Sa panig ng mga kabataan, hinatulan ng Anakbayan-Rizal si Marcos Jr. na walang nagawa para sa mamamayan. Ayon sa grupo, "walang sapat na pondo sa edukasyon, disenteng trabaho at batayang serbisyo na ibinibigay ang rehimen sa mga kabataan. [Kaya walang pondo] dahil prayoridad ng gubyernong ito ang militarisasyon at pagpondo sa tuta at papet, at utak-pulburang militar at PNP."

Binansagan naman ng National Democratic Front-Cavite ang kasalukuyang rehimen bilang pinakamalaking sakuna na tumama sa mamamayan. Ipinahayag ito sa gitna ng matinding pagbaha na dinanas ng probinsya matapos ang walang patid na pag-ulan na dala ng habagat noong nakaraang buwan.

Hindi bababa sa siyam na bayan at munisipalidad ng Cavite ang lumubog sa baha. Karamihan dito ay mga nasa Lowland District ng lalawigan na eryang urban, pamayanan ng mga mangingisda at maging ang malalaking engklabo tulad ng Cavite Economic Zone (CEZ) ay binaha. Mahigit 30,000 lokal na mangingisda ang naapektuhan dahil hindi makalaot sa lakas ng agos ng alon. Nasa 43 ng 47 na barangay ng Bacoor City ang malubhang apektado samantalang hindi bababa sa 1,049 indibidwal ang lumikas sa Imus dahil sa taas ng baha.

Sa pahayag ng tagapagsalita ng NDF-Cavite na si Simeon Magdiwang, "Sa halip na ugatin ang problema sa mga sakuna, ipinagmamayabang pa ni Marcos ang 9,856 na nakumpletong *flood control projects* na binuhusan ng mahigit kalahating trilyong piso mula 2022 na hindi madama ang epekto. Patuloy pang pinahihintulutan ng rehimen ang operasyon at pagtatayo ng mga proyektong kumbersyon na nagreresulta sa *irreversible damages* sa malalawak na kalupaan at karagatan sa lalawigan."

Kinundena rin ni Magdiwang ang lantarang pagbebenta ni Marcos Jr. sa soberanya at patrimonya ng bansa sa US. Matatandaang isinara nina Trump at Marcos sa isang trade deal kung saan *"zero tariffs"* ang para sa US pero magbabayad pa rin ang Pilipinas ng 19% na taripa sa US. Ginagamit naman ng US ang *disaster response* upang ilusot ang "*military expansion* nito sa Pilipinas at pagbababagsak ng ayuda sa balangkas ng Indo-Pacific Strategy nito upang patuloy na sikuhin ang karibal nitong Imperyalistang China at makapagpaputok ng isang *proxy war."*




Nagkaroon ng limang-araw na "SONA Caravan ng Timog Katagalugan" sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Southern Tagalog na nagtapos noong Hulyo 30. Nagtungo ang delegasyon sa Metro Manila upang magprotesta at ipahayag ang tunay na kalagayan ng mamamayan ng TK. Lumahok dito ang iba't ibang organisasyon mula sa sektor ng kabataan, kababaihan, manggagawa, magsasaka, mangingisda, katutubo at maralitang lungsod.

# Sigaw ng mamamayan: Hatulan si Sara!

Mariing nananawagan ang mamamayan ng TK na i-*convict* o hatulang maysala si Sara Duterte sa gitna ng mga tusong maniobra ng Kongreso at Supreme Court na ibasura ang kasong *impeachment* laban sa bise presidente.

Ilang araw bago ang State of the Nation Address, kinundena ng People's Caravan (PC) mula sa TK ang desisyon ng Supreme Court na ideklarang *unconstitutional* o labag sa konstitusyon ang kasong *impeachment* kay Sara.

Sa Facebook, sinabi ng PC na "Malinaw na pagtakas lahat ito sa mandato ng estado na litisin at panagutin ang isang mandarambong at magnanakaw...pero hindi natin kinakalimutan ang malubhang *breach of public trust* na ginawa ni Sara Duterte—mula sa *confidential funds* na nawala parang bula, sa hayagang pagsuporta sa NTF-ELCAC, hanggang sa marami pang kasalanan niya sa bayan."

# ANG HUKBO SA MATA NG ISANG GURO

ni Ka Rene, myembro ng Kaguma

Isang buwan na ang nakakalipas nang mag-*exposure* kami sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Bitbit ang diwa ng kilusang pagwawasto, masiglang tumugon ang sektor naming mga guro sa panawagang mag-aral, magkonsolida, magwasto at sumulong. Sa kabila ng sinasabi ni Bongbong Marcos na wala ng natitirang mga larangang gerilya o BHB sa bansa, malaking sampal sa kanila ang matagumpay naming pagpasok sa sonang gerilya.

Lubos na binubusabos ng reaksyunaryong gubyerno ang sistemang pang-edukasyon sa bansa. Mula sa pagpapatupad ng mga neoliberal na kurikulum hanggang sa pagbabawas ng mga makabuluhang asignatura. Malinaw itong layunin upang pabilisin ang paglikha ng mga manggagawang sasahod ng kakarampot at magsisilbi sa mga dayuhan.

Habang ganito ang itsura ng edukasyong tinatamasa ng kabataan, baon din si titser sa gabundok na gawain habang salat sa sweldo at benepisyo. Walang katiyakan sa trabaho pero patuloy na binabalikat ang pag-aaral ng mga estudyante—kahit pa mainit, siksikan, at kalimita'y wala pang silid-aralan.

Krisis na nga sa edukasyon, krisis pa sa kalagayan ng pagtuturo. Kung kaya't hindi masisisi ang mga gurong nagnanais na kumawala sa isang sistemang kahit kailan ay hindi nagsilbi sa interes ng mamamayang Pilipino.

**Ang Pulang Hukbo ay Pulang Paaralan**

Ramdam namin ang mainit ang pagtanggap at mahusay na paghahanda ng mga kasama at masa sa aming pagdating. Mataas ang kanilang diwa kapag may mga tulad naming taga-lungsod na nakikipamuhay sa kanayunan. Patunay ito na buhay at sinusuportahan ang rebolusyon.

Ang kilusang pagwawasto ay isang kilusang pag-aaral. Naghanda ang yunit ng kurikulum para sa pagpapalalim ng aming kaalaman at karanasan sa armadong pakikibaka. Ilan sa aming pag-aaral ay ang *Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan, Regulasyong Militar, Mga Pangkalahatang Regulasyon ng Platung Gerilya, Mga Tuntunin sa Labanan, Dapat na Kondukta Kapag Hawak ng Kaaway, Partikular na Katangian ng ating Digmang Bayan, Hakbang Hakbang na Pag-oorganisa sa Kanayunan, Rebolusyonaryong Hustisya* at marami pang iba.

Dito namin lubos na naunawaan ang makauring prinsipyo at disiplina ng Hukbo. Dalisay ang kanilang hangaring magsilbi sa masang Pilipino. Kung kaya't mahigpit na ipinagbabawal ang pagkuha ng kahit isang karayom o hibla sa masa, ang pananakit o pang-aalimura sa tao, ang pagsasamantala sa kababaihan at pagmamalupit sa bihag. Hindi katulad ng mga pasistang armadong pwersa ng reaksyunaryong gubyerno, magalang at tumutulong ang Hukbo sa gawaing produksyon katulad ng pagtatanim, paggagawa ng bahay, pagkokopra at iba pa. Nagbabayad ang Hukbo ng karampatang halaga sa lahat ng binili o nasisira. Naglulunsad din sila ng mga serbisyong medikal at dental at nagtuturo ng literasiya at numerasiya sa mga maralita sa kanayunan na pinagkakaitan ng mga batayang serbisyo ng reaksyunaryong gubyerno.

***Meet Your NPA!***

Isa sa mga tampok na kultural na programang inilunsad ng yunit ay ang programang *"Meet Your NPA!"* kung saan magpapakilala ang isang Hukbo at magbabahagi ng kanyang rebolusyonaryong talambuhay—mula sa dahilan ng kanyang pagsampa, pananatili sa Hukbo at mga payo para sa aming mga *exposurist*. Dito namin nakilala nang malalim ang mga kasama na higit na nakatulong sa pagpapatibay ng aming paninindigan. Pinatunayan nila sa amin na kayang umigpaw ng isang rebolusyonaryo sa kahit anumang kontradiksyon na kanyang kakaharapin—sa sarili man, pamilya, pinansyal, pagkakakulong o iba pa. Naging hamon ito sa amin na higitan ang aming mga sarili.

**Ganito pala sa NPA: Prinsipyado, disiplinado, puno ng pangarap**

Ito ang mga katagang makapagsusuma ng karanasan namin dito sa Hukbo. Pinagbubuklod ang iba't ibang uri at saray sa lipunan para sa isang dakila at marangal na prinsipyo. Pinagtitibay ng disiplinang nagtitiyak na ang mga gawain at tuntunin ay nagsisilbi sa interes ng masang api. Puno ng pangarap para sa isang pantay-pantay na lipunan kung saan natatamasa ng mamamayan ang isang pambansa, siyentipiko, at makamasang edukasyon at kultura.

Ngayon, hamon sa ating mga guro at sa malawak pang hanay ng masang api ang pagtugon sa panawagan ng muling pagtatatag ng mga base, pagkokonsolida at pagpapalakas. Tinatawag tayo ng panahon para lumabas sa apat na sulok ng silid-aralan tungo sa mas malawak pang paaralan—ang lipunan. Ika nga ng isang kasama, "Hindi tayo nag-oorganisa para sa karanasan lang, nag-oorganisa tayo para sa mismong pakikilahok (sa rebolusyon)."

Sa kabila ng mga kontra-insurhensyang programa ng reaksyunaryong gubyerno para gapiin ang rebolusyonaryong kilusan, buhay na patunay ang karanasan namin sa tuluy-tuloy at di-nagmamaliw na suporta ng mga guro at sambayanan sa makatarungang armadong pakikibaka. K